Shri Mataji Nirmala Devi

Maikling Talambuhay

Hindi magkakaroon ng kapayapaan sa mundo hangga't walang kapayapaan sa loob.

Ipinanganak mula sa isang maharlikang dinastiya, noong bata pa siya ay nakipag-usap kay Mahatma Gandhi habang naninirahan sa kanyang ashram, naging mag-aaral ng medisina at tagapaglaban ng kalayaan, isang minamahal na ina, lola, at lola sa tuhod, at asawa ng isang kilalang diplomatiko na siya mismo ay pinarangalan ng mga pangulo ng maraming bansa at ginawaran ng pagkabalyan (knighted) ng Reyna ng England. Higit pa rito, at nang lumaki at nakapag-asawa na ang kanyang mga anak na babae, sinimulan niya ang isang mas kahanga-hangang misyon.

Isinilang si Shri Mataji sa mga magulang na Kristiyano sa India. Alam na niya mula pagkabata pa na mayroon siyang natatanging kaloob na espirituwal na sa palagay niya ay dapat ibigay sa lahat. Kaya't noong 1970 ay itinatag niya ang Sahaja Yoga Meditation. Natuklasan niya ang isang natatanging proseso ng Self Realization kung saan madaling makakamtan ng mga tao ang kapayapaan ng isang tunay at pangmatagalang kalagayang mapanimdim. Hindi siya naningil ng bayad, at iginigiit na ang Self Realization ay karapatang-taal ng lahat, walang pagtatangi sa relihiyon, lahi, o katayuan sa lipunan. Sinabi niya, *Hindi magkakaroon ng kapayapaan sa mundo hangga't walang kapayapaan sa loob.*

Sa sumunod na apatnapung taon, walang-tigil na naglakbay si Shri Mataji sa buong daigdig upang magturo ng meditasyon. Siya ay isang minamahal at maalagang pinunong espirituwal, kinikilalang tagapagsalitang pambubliko, banayad na gabay, philanthropist, kandidato sa Nobel Peace Prize, at tumanggap ng maraming parangal at papuri sa buong mundo. Sa patuloy na pagpapalawak ng kanyang pag-aaruga at pagmamalasakit, nagtatag siya ng isang holistikong sentro ng kalusugan at pananaliksik sa Mumbai, isang tahanan para sa mga dukhang kababaihan at bata sa Delhi, at isang internasyonal na Music Academy sa Vaitarna upang isulong ang klasikal na musika at sining.

Bagaman noong ipinanganak siya ay pinangalanang Nirmala, na nangangahulugang 'Walang-Dungis,' siya sa bandang huli ay naging kilala bilang Shri Mataji Nirmala Devi — ang pinararangalang Ina.

Milyun-milyong tao ang natutuhan kung paano gisingin at makinabang mula sa kanilang panloob na kapangyarihang espirituwal sa pamamagitan ng Sahaja Meditation. Naitatag ang mga sentro ng meditasyon sa mahigit siyamnapu't limang bansa, kung saan itinuturo ng mga boluntaryo ang kanyang mga teknik nang libre.

Payapang pumanaw si Shri Mataji Nirmala Devi noong ika-23 ng Pebrero, 2011 sa Genoa, Italy, sa gulang na walumpu't pito.

Naiwan ni H.H. Shri Mataji Nirmala Devi ang kanyang asawa, si Sir C.P. Srivastava, ang mga anak na babaeng sina Kalpana at Sadhana, mga apo at apo sa tuhod, at ang kanyang pandaigdigang pamilya na binubuo ng libu-libong tagasunod. Inilibing siya sa India.

Ilang Piling Parangal at Pagkilala

Kinilala si Shri Mataji sa buong mundo ng ilang prestihiyosong institusyon dahil sa kanyang mapagkawang-gawang gawain at sa kahanga-hangang resulta ng kanyang mga turong espirituwal sa pamamagitan ng Sahaja Yoga; ilan sa mga ito ay nakalista sa ibaba.

Italy, 1986

Idineklara bilang 'Personality of the Year' ng Pamahalaan ng Italya.

Moscow, Russia, 1989

Kasunod ng pagpupulong ni Shri Mataji sa Ministro ng Kalusugan ng USSR, ipinagkaloob sa Sahaja Yoga ang ganap na suporta ng pamahalaan, kabilang ang pondo para sa siyentipikong pananaliksik.

New York, 1990–1994

Inanyayahan ng United Nations sa apat na magkakasunod na taon upang magsalita tungkol sa mga paraan at pamamaraan upang makamit ang kapayapaan sa daigdig.

St. Petersburg, Russia, 1993

Hinirang bilang Honorary Member ng Petrovskaya Academy of Art and Science. Sa kasaysayan ng Academy, labindalawang tao lamang ang nabigyan ng karangalang ito, kabilang si Einstein. Inagurahan ni Shri Mataji ang unang International Conference on Medicine and Self-Knowledge, na naging taunang kaganapan sa Academy mula noon.

Brazil, 1994

Sinalubong ng alkalde ng Brazilia si Shri Mataji sa paliparan, iniabot sa kanya ang susi ng lungsod, at inisponsor ang lahat ng kanyang mga programa.

New York, 1994

Ipinroklama ang Setyembre 26 bilang 'Shri Mataji Nirmala Devi Day'. Nag-alok ng police escort para sa isang parada ng pagsalubong bilang pagpaparangal kay Shri Mataji at pagdiriwang ng kanyang kaugnayan kay Mahatma Gandhi.

British Columbia, Canada, 1994

Nagbigay ng Liham ng Pagsalubong ang Premier ng Lalawigan ng British Columbia, si G. Mike Harcourt, sa ngalan ng mamamayan ng Canada.

Romania, 1995

Ginawaran ng Honorary Doctorate sa Cognitive Science.

China, 1995

Opisyal na panauhin ng Pamahalaan ng Tsina upang magsalita sa United Nations International Women's Conference.

USA, ika-105 Congress, 1997 at ika-106 Congress, 2000

Binasa ang isang honorarium sa Congressional Record ni Congressman Eliot Engle bilang pagpuri kay Shri Mataji para sa kanyang dedikado at walang-tigil na gawain para sa sangkatauhan.

Cabella Ligure, Italy, 2006

Ginawaran si Shri Mataji ng honorary Italian citizenship, na sinundan ng paglalantad ng foundation stone para sa 'Shri Mataji Nirmala Devi World Foundation of Sahaja Yoga'. Ang Foundation na ito ay nakatirahan sa Cabella Ligure.

